

# 1

Nang matapos ang fashion show na ginanap sa *Zeus Hotel* ay dumaan lang siya sandali sa kuwarta na inookupa para magbihis. Ang mga modelo ng show ay binigyan ng free accommodation for the night.

Isang red tube dress ang napiling isuot ni Keilah sa after-party slash celebration ng matagumpay na show. Pinaresan niya iyon ng flat glittery silver footwear.

Hindi niya kailangang magsuot ng heels kung hindi siya rumarampa dahil matangkad na siya sa height niya na 5'8", tangkad na malamang nakuha niya sa ama na hindi na niya nakilala dahil ayon sa kanyang ina ay iniwan nito ang mama niya nang malamang ipinagbubuntis na siya.

Hinayaan niyang nakalugay ang kulot na buhok na nagpanatili sa kanyang seductive but classy look. Binawasan niya ang makapal na makeup na inilagay kanina nang rumampa siya sa runway.

Sinipat niya nang huling beses ang sarili sa salamin bago nagpasyang pumunta na sa bar ng hotel.

Pagkatapos ng paunang show niya two years ago sa tulong na rin ni Gerald—kaibigan at kaklase niya sa kolehiyo bago siya nagpunta ng Paris—ay nagsunud-sunod na ang mga modelling

appointments niya hanggang sa makakuha siya ng exclusive contract sa mga gawa ni Mikhail Achas, isang kilalang fashion designer.

Bukod sa pagmomodelo, party at pag-inom sa bar ang naging libangan ni Keilah simula nang umuwi siya sa Pilipinas dalawang taon na ang nakakaraan. Sa oras kasi na nalalasing na siya, pagdating niya sa tinitirahan ay dalawa lang ang nangyayari—nakakatulog siya sa sahig o di kaya sa couch. Either way, she still ended up sleeping soundly.

“Hindi ka pa rin nagsasawa sa party?” tanong ni Zandra, isa ring kapwa modelo na nagsisimula pa lang sa career nito.

“Party keeps me going and this gives me a peaceful rest at night,” sagot ni Keilah, sabay taas sa hawak na baso na may laman na alak.

“Pareho lang pala tayo. Sayawan at alak, at walang kasali na mga lalaki.” Sinenyasan nito ang bartender na bigyan ito ng alak.

“Ikaw lang naman itong mailap sa mga lalaki,” nangingiting komento niya dahil hindi pa talaga niya ito nakikita na may nanliligaw o nagpapalipad-hangin. Malamang takot ang mga lalaki na lumapit sa dalaga dahil maldita ito sa hindi nila kabaro.

Nang maging maharot na ang musika ay inisang lagok lang niya ang tequila sa maliit na baso.

Nagpasintabi siya kay Zandra at tinungo ang dance floor.

## *Reluctant Wife - Cassandra Victoria*

---

Nataong kapares niya si Richard, isa ring kapwa modelo. Ilang beses na nagpalipad-hangin sa kanya ang binata, pero inuunahan na niya ito kaya hindi talaga nito nagawang manligaw sa kanya. Hanggang nakaw-tingin na lang ito at sa gabing iyon ay hanggang pakikipagsayaw lang sa kanya ang lalaki.

The mood in the dance floor was getting ecstatic. Dahil na rin siguro sa tumalab ang alak ay mas bigay na bigay si Keilah sa pagsayaw.

Pumaikot ang kanyang kamay sa leeg ni Richard at sinabayan niya iyon ng pagkilos ng kanyang katawan. Nang mapatingin siya sa mukha nito ay sigurado na niyang talo na ito. Why, this man was already swallowing as if there was a big lump in his throat. She was about do a grind step nang may kamay na parang bakal na humawak sa braso niya.

“Ano ba?” naiinis na sabi niya.

Sinubukan niyang hilahin ang braso mula sa hindi pa kilalang tao na pumigil sa kanya sa pagsasayaw, pero mas malakas ito sa kanya. Sa ginawa ni Keilah ay napilitan itong hilain siya papalapit dito.

Tumama ang katawan ng dalaga sa parang pader na katawan nito. Mabuti na lang at naging maagap ang mga kamay niya dahil nagawa niyang iharang iyon para di tuluyang madikit ang katawan niya sa pakialamero.

Napilitan siyang aninagin ang mukha ng estranghero at

nagkataon naman na tumama sa mukha nito ang disco light.

*Julien...* Hindi niya alam kung nagawang bigkasin ng bibig niya ang pangalan ng lalaking kaharap niya. Ni sa panaginip ay di niya inasahang makikita pa ito dahil malinaw ang sinabi nito sa kanya noon na hindi na magpapakita kailanman. Sigurado siyang hindi nakatakas sa binata ang sindak na sandaling lumarawan sa kanyang mukha nang maaninag kung sino ito dahil naporma ang isang pilyong ngiti sa mga labi nito.

“Miss me, dear Keilah? Mukhang hindi ka talaga nabubuhay nang walang lalaki.”

“Bro, huwag ka namang bastos,” mahinahong sabi ni Richard pero hindi ito pinansin ni Julien.

Kahit ang tapunan ng tingin ang kanina ay kasayaw ay hindi ginawa ng binata. Nakatutok lang ito sa kanyang mga mata na para bang may hinahanap. At nang makontento ay nagsalita na.

“Dapat ay sinundo kita nang mas maaga, Keilah. Napahaba yata ang bakasyon na ibinigay ko sa 'yo.” His voice was husky. At ang boses nito ay may kakaibang kiliti na dala sa kanyang katawan. Naramdaman niya ang pagtayo ng pinong balahibo sa likod ng leeg niya. Ipokrita siya kung itatanggi niyang may epekto pa rin ang isang Julien Sievert sa kanya.

Hinawakan ni Richard ang kamay ni Julien na nakahawak sa kanya, pero iwinaksi iyon ng huli. Kalmado pa rin ito pero ramdam ng babae na nagtitimpi lang ito.

“Hindi ka makikialam kung kilala mo ako.” Seryoso ang babala na ibinigay ni Julien.

Pasimpleng tiningnan ni Keilah ang kapwa modelo para iparating dito na kaya niya si Julien. Dumistansya ang binata, pero nagmasid pa rin ito sa kanilang dalawa, ready to rescue her kung sakaling humingi siya ng tulong dito.

Binalingan niya si Julien. “Ano’ng ginagawa mo dito?”

“Sa tingin ko ay ako ang dapat nagtatanong niyan. Pinauwi ka ni Papa para protektahan ka sa kakaibang kultura ng mga tao sa Paris, pero nasa dugo mo na talaga yata ang maging pakawala dahil mukhang hinigitan mo pa ang ginawa mo sa huling gabi mo sa Paris. Ang dapat pala ay kinausap ni Papa si Tita Lucrecia na ipadiretso ka sa kumbento.”

Lumapit ang mukha ng binata nang hindi pa rin siya binibitawan. Hindi niya masiguro kung hahalikan talaga siya nito, pero naunahan na niya ito dahil nagawa niyang iiwas ang mukha kaya sa hangin na lang nag-landing ang mga labi nito. Lumarawan ang galit sa guwapong mukha ni Julien na nagawa nitong pagtakpan dahil kumurba ang mga labi nito sa isang ngiti at nagpakawala ito ng pagak na tawa.

“Hindi ka pa rin nagbabago, Keilah. Mailap pa rin para lalo mong makuha ang atensyon ng isang lalaki,” makahulugang sabi nito.

Umaktong lalapit muli ang mukha nito sa kanya, pero sa

pagkakataong iyon ay mali siya ng hinala na hahalikan siya nito.

“Disappointed that I didn’t savagely kiss you like the night before you left? Did you miss my lips pressing on yours and my—”

“Hindi!” napalakas na putol niya sa mga salitang bibitawan pa sana nito. Gusto niyang takpan ang kanyang mga tainga sa mga oras na iyon. “Julien, not here.” Sinubukan niyang maggalitgalitan ngunit alam niyang dahan-dahan nang natitibag ang kanyang depensa.

“Naramdaman mo iyon, Keilah.” Hindi ito nagtatanong kundi nagpapahayag ng isang bagay na hindi niya magagawang pabulaanan dahil ramdam na niya ang matigas na bagay sa kanyang puson. Ipinaikot nito ang braso sa kanyang baywang. “Ganoon pa rin ang epekto mo sa ’kin at alam ko rin na may epekto pa rin ako sa ’yo kaya dinaga ka at umiwas. Gaya ko ay hindi mo nakalimutan ang lahat. Itinago mo lang ang alaala n’un sa pinakasulok ng utak mo at ngayon ay nagbabalik ang mga alaalang iyon. Ipinagkakanulo ka ng mga mata mo.”

“Shut up,” frustrated na sabi niya.

Pasimpleng dumampi ang mga labi ni Julien sa balikat niya. Hindi pa ito nakontento roon. Hindi napigilan ni Keilah ang impit na daing nang maramdaman ang simpleng paglapat ng ngipin nito sa balat niya. Sigurado siyang nagbunyi ito sa naging reaksyon niya.

“You are harassing me.” Nagsimulang manginig ang boses

niya at ang kanyang mga tuhod ay parang bibigay na ilang sandali na lang.

“If you call that harassment, hindi ko na alam ang tawag sa ginawa mo sa akin two years ago. You are a tease, Keilah. One moment you are acting like a seductive goddess ready to give me a dose of f\*cking, another moment you are fighting me like a lioness. Hanggang ngayon ay hindi ko pa rin alam kung ano ang gusto mo. Well, maybe this time I will have more time knowing what you really want and maybe granting what you really want.”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata, subalit hindi natinag ang binata.

“Sa ngayon ay marami tayong dapat pag-usapan nang tayong dalawa lang.”

“This is... b\*lls\*it!”

“It’s not. Choose, we stay here and I seduce you, or you come with me now so we can have a serious talk.”

Gustong mapaismid ni Keilah sa sinabi nitong ‘serious talk’. Ang huling gabi niya sa Paris ang isang patunay na hindi kailanman mauwi sa isang simpleng usapan ang makulong sa loob ng kuwarto na kasama ang isang Julien Seivert. Isang malaking pagkakamali ng batang siya.

“Wala tayong kailangang pag-usapan.” Ipinagdiinan niya ang salitang ‘wala’ dahil nakakalimutan na yata ng lalaki na ito

ang dahilan kung bakit para siyang excess baggage na pinabalik sa Pilipinas.

“Kung ayaw mo akong kausapin ay puwedeng tapusin na lang natin ang nasimulan natin noon. Naaalala mo pa kung saang parte na tayo huminto?” mapanghibo na tanong ng binata. Wala itong plano na tigilan siya.

“Sasama ako sa 'yo, kaya bitiwang mo na ako.”

Akala niya ay maglalagay na ito ng distansya sa pagitan nila, pero ang kamay nito ay lumipat lang mula baywang niya patungo sa kanyang braso at iginiya na siya nito.

Hahakbang sana si Richard para pigilan si Julien, pero nginitian lang ito Keilah para iparating na ayos lamang siya.

Iginiya siya ng binata sa elevator. Bago pa man niya naisatinig ang katanungan ay inunahan na siya nito.

“Dumating ako exactly...” Sinipat nito ang wristwatch saka nagpatuloy, “...isang oras mula ngayon. Iniwan ko lang ang mga gamit ko sa kuwarto at pumunta na ako sa party na dinaluhan mo.”

“Hindi ako nagtanong,” paasik na sabi niya. Mabuti na lang na walang ibang tao sa elevator, kaya walang makakarinig sa kanila kung sakaling magkasagutan man sila.

“Pero ang mga mata mo ay nagtatanong, Keilah. At para sa ikasisiya mo ay kanina pa nasasabik ang mga mata ko na



*Reluctant Wife - Cassandra Victoria*

---

masilayan ka. Not to mention I left a woman in the middle of...  
oops, too much information. Ang importante ay nandito na ako ngayon. Right, Keilah?”

Inirapan lang niya ang lalaki.

Nang umabot na sila sa ikaanim na palapag ay lumiko sila sa kanan. Her heart started racing again.